# iSangLahi 10 – iExam for Unit 1

| Name: | | Score: | |
|---|---|---|---|
| Grade & Section: | | Teacher: | |

**I.** Basahing mabuti at piliin ang letra ng tamang sagot na tinutukoy sa bawat pangungusap. (25 puntos)

1. Tumutukoy sa mga pangyayari sa kasalukuyang panahon.
   a. Kontemporaryo
   b. Kontemporaryong Isyu
   c. Isyu
   d. Bagong balita

2. Maituturing na Kontemporaryong Isyu ang isang pangyayari kung tinataglay nito ang mga sumusunod na katangian, maliban sa isa:
   a. May magandang impluwensya sa lipunan.
   b. May matinding impluwensya sa takbo ng pang kasalukuyang panahon.
   c. May epekto sa iilang tao lamang.
   d. May malinaw na epekto sa lipunan.

3. Ang Isyu ng tuloy-tuloy na pagtaas ng gasolina ay nakapaloob sa anong uri ng kontemporaryong isyu?
   a. Panlipunan
   b. Pang-kapaligiran
   c. Pang-kalusugan
   d. Pang-kalakalan

4. Bakit kinakailangang pag-aralan ang kontemporaryong isyu?
   a. Dahil kinakailangan sa eskwelahan.
   b. Upang malinang ang iyong kaalaman, pang unawa.
   c. Upang maging mapanuri at makatugon sa mga hamon na dala ng mga suliranin at isyu sa lipunan.
   d. Tama ang B at C

5. Mula sa anong panahon ang saklaw ng Kontemporaryong Isyu?
   a. 1900 hangang sa kasalukuyang panahon.
   b. 1909 hangang sa kasalukuyang panahon.
   c. 1990 hangang sa kasalukuyang panahon.
   d. 1999 hangang sa kasalukuyang panahon.

6. Batas na naghahatid ng kaayusan at kalinisan sa pamamagitan ng pagpaplano at organisadong paguuri ng mga basurang nanggagaling sa mga kabahayan at komersyal na establisimyento.
   a. Republic Act of 6003
   b. Republic Act of 8003
   c. Republic Act of 7003
   d. Republic Act of 9003

7. Tumutukoy sa wastong pagkuha, paglilipat, patatapon at paggamit at pagsubaybay ng basura ng mga tao.
   a. *Waste Segregation*
   b. *Waste Management*
   c. *Waste Bins*
   d. *Waste Separator*

8. Naisabatas ang Ecological Solid Waste Management Act of 2000 noong?
   a. Enero 16, 2001
   b. Enero 16, 2000
   c. Enero 26, 2001
   d. Enero 26, 2000

9. Ahensyang nangunguna sa pagpapatupad at pangangasiwa ng Solid Waste Management (SWM).
   a. Department of Environment and Natural Resources (DENR)
   b. Department of Science and Technology (DOST)
   c. Department of Agriculture (DA)
   d. Metro Manila Development Authority (MMDA)

10. Ang illegal logging, ilegal na pagmimina, at fuel harvesting ay ilan sa mga maaaring magdulot ng?
    a. Paglago ng mga puno
    b. Pagkasira ng kagubatan
    c. Pagdami ng mga hayop sa kagubatan
    d. Mababawasan ang mga landslide

11. Batas na may layunin na mapasidhi ang mga programa para sa reforestation ng bansa.
    a. Batas Republika Bilang 7586 – National Integrated Protected Areas System Act of 1992
    b. Batas Republika Bilang 9175 – The Chainsaw Act
    c. Batas Republika Bilang 2706
    d. Executive Order No. 23

12. Ito ang pag poproseso ng mga mineral tulad ng metal, di-metal at enerhiyang mineral sa pamamagitan ng paghuhukay ng lupa.
    a. Pagmimina o Mining
    b. Pagku-quarry o quarrying
    c. Pagkakaingin
    d. Pag totroso

13. Ang Philippine Mineral Resources Act of 2012 ay may layuning?
    a. Masubaybayan ang operasyon ng pagmimina sa buong bansa kasabay ng pangangalaga sa kalikasan.
    b. Mapagtibay ang proteksiyong pangkapaligiran, masuportahan ang responsableng pagmimina, at makapagbigay ng karampatang *revenue-sharing scheme* kasabay ng paglago ng industriya ng pagmimina
    c. Ayusin ang mga makatuwirang pananaliksik sa pagmimina, at masubaybayan ang paggamit ng mga yamang mineral.
    d. Wala sa mga nabanggit

14. Ang malalakas na mga bagyo at tumitinding init lalo na kung tag-araw ay epekto ng anong suliranin?
    a. Climate Change
    b. Environmental Change
    c. Political Change
    d. Charter Change

15. Ang pagtatayo ng mga pabrika ay nakadaragdag ng?
    a. Carbon dioxide
    b. Greenhouse gases
    c. Oxygen
    d. Climate change

16. Pagtukoy at pagsuri sa panganib at pinsala na maaaring maidulot nito.
    a. Vulnerability Assessment
    b. Community Assessment
    c. Capacity Assessment
    d. Hazard Assessment

17. Sa pagtugon sa kalamidad, Ito ang pagsusuri sa pinsala upang malaman ang lawak ng pagkasira o pinsala dala ng sakuna.
    a. Needs Assessment
    b. Risk Assessment
    c. Damage Assessment
    d. Loss Assessment

18. Tumutukoy at nagsusuri sa nararapat na hakbang sa pagsasaayos at mabilis na panunumbalik ng dating kaayusan at normal na pamumuhay matapos ang sakuna.
    a. Non-Government Organization
    b. Disaster Rehabilitation and Recovery
    c. Community Disaster Risk Reduction and Management Plan
    d. Community Based-Disaster Risk Management

19. Ang mga sumusunod ay ang mga dahilan ng Unemployment sa bansa, maliban sa isa:
    a. Kakulangan ng oportunidad para magtrabaho
    b. Job Mismatched
    c. Kakulangan ng kasanayan
    d. Mataas na sahod

20. Ito ang proseso ng pang mabilisang paggalaw ng mga tao, bagay, impormasyon at produkto sa ibat ibang panig ng mundo. Sa tulong ng teknolohiya at impormasyon pinabibilis nito ang mga kalakalan at pamumuhunan sa labas ng bansa.
    a. Globalisasyon
    b. Modernisasyon
    c. Migration
    d. Biswalisasyon

21. Siya ang nagtatag ng YaleGlobal Online at ayon sa kanya ang kagustuhan ng tao na magkaroon ng maayos na pamumuhay ang nagtulak sa tao upang makipagkalakalan, manakop, maging manlalakbay.
    a. Dreyant Chanda
    b. Ryan Chanda
    c. Nayan Chanda
    d. Bryan Chanda

22. Tukuyin ang hindi kabilang sa Pangkat ng mabuting epekto ng globalisasyon.
    a. Ang makabagong teknolohiya gaya ng transportasyon, pang komunikasyon at instrumento upang mapadali ang mga gawain.
    b. Pagunlad ng ekonomiya dahil sa pagsuplay ng mga produkto at pag gawa ng imprastraktura.
    c. Bumaba ang pagtingin sa sariling wika. Pag kalimot sa sariling kultura at pagpapayaman nito.
    d. Pagiging bukas ng isipan sa ibat ibang uri ng kultura ng ibang bansa. Gaya ng pagkatuto ng ibang wika.

23. Bilang pakikiisa sa pandaigdigang mithiin ng *World Commission on Environment and Development* na nagsusulong sa *sustainable development*, binuo ng pamahalaan ang?
    a. Philippine Strategy for Sustanable Development
    b. Philippine Statistic Authority
    c. Non-Government Office
    d. Wala sa mga nabanggit

24. Ito ang tamang pangangasiwa ng basura.
    a. Reduce, Reuse, Recall
    b. Reduce, Reuse, Recycle
    c. Reduce, Refuse, Recycle
    d. Reduce, Refuse, Recall

25. Ang mga tao ang pinaka responsible sa pagsasa ayos ng ating likas na yaman.
    a. Malay ko.
    b. Hindi ko tiyak.
    c. Oo.
    d. Hindi.

# iSangLahi 10 – Answer Keys for Unit 1

I.

1. B
2. C
3. D
4. D
5. A
6. D
7. B
8. C
9. A
10. B
11. C
12. A
13. C
14. A
15. B
16. A
17. C
18. B
19. D
20. A
21. C
22. C
23. A
24. B
25. C